# Sa Kabihasnan

**Tilde Acuña**

SA WAKAS, MAY pasahero si Dayô na hindi niya malilimutan (at hindi rin makakalimot sa kanya). *Wakas* ang isa sa mga palayaw ng kalye dahil nasa malayong bahagi na ito ng barangay at malapit na ito sa boundary ng kasunod na bayan. *Kalye Real* ang buo nitong pangalan. Metropolis-Kabihasnan ang pasada niya sa araw na iyon kung kailan makikilala niya ang isang sanggol na limang araw ang gulang, pero nakalalakad na, makakapag-komyut na (o anumang biyahe), nakakapagsalita, at pana-panahong mangangatuwiran. Sira-ulong araw ito, hindi lang para kay Dayô, ang drayber ng jeep, kundi maging para kay Noel, ang sanggol na makalalabas sa compound nila sa unang pagkakataon.

***

Sa murang edad niya, maituturing na *mature* ang self-reliant (o nagsasarili) na si Noel. Responsable na siya sa mga sarili niyang pangangailangan. Malay sa lipunan at maunawain sa mga tungkuling minarapat niyang gampanan dahil abala ang Nanay sa ibang mas mahahalagang bagay. Sa kabila ng mga katangiang ito, binigyang-habilin pa rin siya ng inang mahal, na para bang kapapanganak niya lang kahapon. Sa katunayan, noong nakaraang linggo pa siya ipinanganak. Sa hirap ng buhay ngayon, mabilis talagang tumanda ang tao o maging mature sa isip, kahit premature ang itsura o premature sa esensiya. Sa gitna ng krisis ng gitnang-buhay (mid-life crisis) ng inang veinte años, biglang dumating sa buhay nito ang isang Noel, o "Manoy" kung tawagin sa looban; magkasing-tibay ang loob ng mag-ina sa pagharap sa buhay. Sa ngayon, cuarenta ang karaniwang retirement age at sesenta años ang karaniwang edad ng mga namamatay sa kahirapan ng katandaan; kung gayon, dapat harapin agad ang mga hamon ng buhay sa lalong madaling panahon; mas maaga, mas mainam, mas makapaghahanda, malay mo, umabot nang ochenta. Sa antas ng

self-reliance o pagsasarili ni Noel, maaari na siyang bumili ng sariling gatas at iba pang kakailanganin niya dahil nauunawaan niyang siya rin naman ang iinom, kakain, makikinabang, at mangangailangan ng mga ito bilang lumalaking bata—lahat ng pag-unawang ito ay ayon sa mga patalastas na naglipana sa telebisyon, ipad, ere, cloudmercial, busina, olfatolastas, at sa iba pang eskema ng marketing at mga bukal ng kaalaman tulad ng sabi-sabi ng matatanda.

*Sakay ka ng jeep, baba ka sa Kabihasnan*, naalala niyang sabi ni Nanay. *Kung tutuusin, ito lang naman ang dapat kong tandaan*, paunang pangungumbinsi ni Noel sa sarili. Pero itinama niya rin ang ganitong pananaw, dahil may mahahalagang bagay pang kailangan tandaan. Halimbawa, ang mga bilin ni Nanay tungkol sa kabutihang-o kagandahang-asal na isinasapraktika depende sa mga eksenang maaaring maganap o mga sitwasyong pagdaraanan; ito at iba pa ang itinanim niya sa munti niyang kukote; ang mga walang kuwentang bagay tulad ng balarila, gramatika, at tamang paglalagay ng bantas, tulad ng semi-colon, ay hindi na niya isinaksak sa kukote; ano namang silbi ng mga iyon sa praktikal na mga bagay. Naitanim nang ganap ang mahahalagang paalala sa pagsalpak ng nano-card sa ipad na rektang nakakabit sa isip niya. Maaring maakses ang file sa nano-card na FAQ ang filename (ayon kay Nanay, maaaring basahin ang *FAQ* sa paraang makaka-offend sa kapwa).

Lumabas si Noel sa compound nila. Sando at lampin lang ang saplot. Apat o limang bahay ang dinaanan bago makarating sa gate. Sa proseso ng paglalakad, binati niya ang mga nakakasalubong ng magandang-umaga, pero walang tumutugon at abala ang mga tao sa kani-kaniyang ginagawa at sari-saring pagtulala. Sinubukan niya ang good-morning magandang-hapon good-afternoon magandang-gabi good-evening dahil baka mali ang pagbati niya at hindi angkop sa time-of-the-day, pero wala pa ring tumutugon. Hindi naman niya ininda ang isnab na mga kamag-anak at kapitbahay. Nakarating siya sa gate nang walang eksenang tantrums. (Hindi siya tulad ng ibang batang naglulupasay kapag hindi na sila ang sentro ng atensiyon. *Hindi ka tulad ng ibang bata*, sabi ni Nanay. *Hindi ka naglulupasay kapag hindi ikaw ang bida dahil hindi ka na bata, iilan na lang ang nagiging bata at tanging mayayaman ang nakakadanas ng pagiging bata*. Hindi niya ito naunawaan agad noong kapapanganak niya pa lang, pero makalipas ang ilang araw, bahagya niyang naunawaan. Hindi naipipirmi ang pagkaunawa niya dahil nagkakaroon siya ng mga tanong dahil taliwas sa nauna niyang nalalaman ang ilang bagay dahil nagbabago ang mga bagay dahil walang pirmi; halimbawa, paano nasabi ng ina na iba siya sa ibang bata at iilan na lang ang nakadaranas ng pagiging bata, gayong hindi naman naglalalabas ang ina? Ang iilan bang pinagpalang naging / maging / nagiging /magiging bata ang nakararami sa lipunan? Parang hindi naman. At hindi sila pinagpala, kundi pinagnakaw lang

ng mga magulang sa dalisay at ligal at malinis na paraan. Halimbawa ng gayong paraan ang negosyong barat sa sahod sa manggagawa (tulad ng sahurang si Nanay) o kaya'y ang kalakalang kung tutuusi'y nagbebenta ng likas-yaman o lakas-paggawa o impormasyon sa mga korporasyong gumagawa ng iba't ibang target o niche market. Sa panahon ngayon, 2118, palagay ko (ako, na tagapagsalaysay), bihira ang batang hindi napipilitan maging mature. Nakararami samakatuwid ang napipilitang tumanda kaagad. Maaaring lubusin ng mga batang exemption-to-the-rule ang pagiging walang pakialam dahil *bata* sila at nabili nila ang karapatang maging bata. Mas karaniwan ako, at hindi bihira; mas bihira ang batang nakatatamasa ng pagka-bata (with all due respect, mali ata si Nanay—nang bahagya).

Nag-abang si Noel ng jeep sa tapat ng tattoo shop na may graffiti art sa harapan ng kanilang compound. Sa ningning ng mga mata niyang nakamasid sa mga padron at mga pigura at mga karakter at mga kulay na naka-spraypaint sa dingding, parang gusto niyang tularan paglaki niya ang mga salarin sa pintura sa tattoo shop na ito, sakaling hindi niya maabot ang pangarap na maging astronaut (paglaki niya, kung may ilalaki pa ang mala-sanggol na ito at hindi tuluyang babansutin ng mala-kolonyal mala-pyudal mala-pederal na lipunan sa literal at metaporikal na pakahulugan ng *bansot*). Paglaki niya, Plan A: Astronaut, Plan V: Vandal. Hindi na rin masama ang mga pagpipilian. Palagay niya, magiging magaling siyang astronaut. Natural lang na mangyari iyon. Tutal, sa sinapupunan naman, 'yung pusod o umbilical chord, parang tether o tali ng spacesuit sa spaceship. Ang sanggol naman, sa mothership nakakabit. Kay sarap sigurong lumutang ulit. Paglabas sa sinapupunan, hinila siya ng grabedad ng daigdig at pinalapat ang talampakan sa kongkreto. Paglabas sa mundo, kakawala siya sa grabedad at lalangoy sa abstrakto. Bago pa siya malibang at maging lutang at lasing sa sariling imahinasyon, at bago pa tayo kumawala sa estrukturang inaakala nitong kuwentong inaakala at ipinapalagay natin, balikan natin ang naratibo: nag-abang siya ng jeep, nagbilang ng poste, nagbilang ng jeep na hindi pumansin sa pagpara niya, at naghanda sa mga maaaring mangyari, ayon sa mga panuto ni Nanay. Inaalala at ni-rehearse niya sa isip ang mga akto at mga sasabihin sa drayber at sa kapwa pasahero, kunsakaling mapasabak sa kumbersasyon.

Naalala niya ang trivia ni Nanay na nagmula raw sa *para aqui* sa Kastila (o *stop here* sa Ingles, o *dito na lang* sa Tagalog) ang pangalan ng bayan nila. Ilandaang taon ang lumipas, hindi pa rin nabura ang marka ng kolonyalismo, mula sa pangalan ng lugar (mula raw sa mga Kastila) hanggang sa pampublikong transportasyon (mula raw sa sasakyang militar ng mga Kano). Sabi ni Nanay, malamang kaysa hindi, karamihan ng jeep, kahit anong pagpara at pagpapasirko-sirko at pagpapapansin ang gawin ni Noel, ay hindi siya isasakay. Dahil hindi siya madaling makita at kung makita naman

siya, hindi madaling tatanggapin bilang pasahero. Dahil mukhang walang pambayad ng pamasahe ang isang batang santalampakan ang taas. Dahil baka maipagkamaling maligno o glitch o teroristang suicide bomber automaton dahil walang saplot maliban sa sando at lampin. *Hindi naman sa abnormal o lampas sa natural ang gagawin mong pagbili ng sariling suplay ng gatas, anak*, naalala niyang paliwanag ni Nanay. *Baka lang akalain nilang lamanlupa kang naghahanap ng lamantiyan* o *di kaya'y panatikong magpapasabog ng propaganda*. Habang sinasabi ang mga ito ni Nanay, panay ang tipa niya sa iba't ibang touch screen at keyboard at mga button; maaaring ito ang sanhi ng mga pahayag niyang hindi tumutugma minsan at kumokontra sa iba niyang nasabi. Hindi nakapagtataka kung maraming typo at irasyonal ang isinusulat niya (tala: rumaket sa akin si Nanay bilang transcriber nitong kuwento).

Natatandaan ni Noel na ganitong-ganito rin ang itsura ni Nanay matapos siyang ipanganak. Mula sa kinauupuan nito, nakokontrol ang lahat ng aksiyon at gawaing kailangan matapos sa loob ng bahay. Sa labas ng bahay, ibang usapin na, kaya ang anak nitong sintaas ng bota ay naghihintay ng jeep, inalala ang isa pang payo ng ina: Subukan mo makapara ng *normal* na jeep, pero umasa kang mabigo nang ilang ulit dahil *abnormal* na jeep lang ang magsasakay sa'yo, ika nga, asahan ang normal, maghanda sa para-normal (kung sinumang nagwika, hindi tiyak); maghanda rin sa extra-, super-, intra-, ab-, infra-normal.

Tumigil sa harap ni Noel ang isang jeep na inakala niyang walang driver. Handa siya sa sitwasyong ito, dahil isa ito sa maraming inilarawan ni Nanay na maaring maging transportasyon. Maingat inakyat ng bata ang jeep mula sa likod. Halos gumapang siya papunta sa likod ng driver's seat. Sa may likod siya umupo, pero hindi sa mismong tapat ng likod ng seat kundi doon sa kasalungat sa may kabila. Dahil sa kaliwa ang manibela at doon ang seat, sa likod pero sa kanan pirming umupo si Noel. Para kung mag-aabot siyang bayad, sakaling may drayber, pa-diagonal ang kamay niya at ng drayber at hindi ito gaanong mahihirapang mag-abot ng bayad o magbigay ng sukli. Kung nasa mismong likod siya ng seat, titiklupin pa ng drayber ang braso niya at hindi pa nila makikita ang reaksiyon ng isa't isa. Tinuruan si Noel ni Nanay na tumingin sa mukha ng kausap bilang paggalang; sa pagkakataong kinalalagyan niya ngayon, ang pagtingin sa gilid ng mukha ng kausap ang pinakamalapit na alternatibo sa bilin na iyon ni Nanay. Maisasagawa niya lang ang habilin kung hindi siya sa mismong likod kundi *across* ng drayber uupo (sa top view, "\" imbis na "|" ang linya mula sa isa't isa), bagkus, sa kinauupuan niya ngayon. Nilingon niya ang landas na ginapang para makaupo, at nakasaksi ng mga himala:

Himala, walang pasahero. Dahil nagmumula sa malayo ang mga jeep, pagdating nito sa kanila, kadalasan, puno na ito ng pasahero. Kadalasan, kinakailangang

sumabit na lang ng mga tulad ni Noel (ito ang isa sa mga inaasahan at inaasam ng bata, ang makasabit sa jeep) katulad ng karaniwang karanasan ng mga nakatira sa compound nila; o sa kaso ni Noel at mga kasintaas niya tulad ng mga unano at duwende, kadalasan, kinakailangang umupo sa bukana ng jeep dahil hindi naman nila abot ang kakapitang bakal sa itaas (ito ang isa sa inaasahan pero hindi inaasam ng ina niya, ang umupo ang anak sa bukana ng jeep), at kumapit nang mahigpit sa magkabilang bakal sa bukana ng jeep para hindi mahulog sa pagharurot ng sasakyang hari ng kalsada.

Himala, walang waiting time, hindi na nagpuno ng jeep si Manong at hindi patigil-tigil tulad ng ibang drayber na mahilig mangumbinsi sa mga nag-aabang na sumakay, kahit taxi eroplano bus helicopter sedan bike ang inaabangang masakyan ng mga biyahero, kahit 'yung iba, nakatambay lang naman talaga at nagbibilang ng poste (sana may tala ng aktuwal na bilang ng mga poste, para hindi na ito pagkaabalahan ng mga tao), pero kukumbinsihin pa rin ng mga karaniwang manong drayber na dadaanan ang alinmang destinasyon nila, basta sumakay lang sila (kahit matematika ng poste lang ang interes ng mga tambay, at wala namang balak sumakay); himala, sa madaling sabi, na hindi kolektor na suwapang sa pasahero o curator na pihikan sa pasahero ang Manong na ito (pero kauna-unawa naman ang mga drayber na kolektor at/o curator dahil mas suwapang at pihikan ang kartel ng langis na nagtataas ng presyo ng petrolyo tuwing debut ng isa sa mga anak nila, anib ng kabit, at iba pang tarantadong dahilang mas tarantado sa mga dahilan noon, tulad ng pagkalugi at iba pang imbentong krisis); himala, natatangi ang Manong na ito, kumpara sa ibang manong drayber.

Himala, walang drayber ang jeep, pero umaandar ito—pero malalaman ng sanggol na may drayber pala ang jeep. Himala, walang ulo ang drayber pero nakakapagmaneho ito—pero malalaman ng sanggol na may ulo pala ang drayber, hindi lang naikakabit sa katawan. Hindi makapaniwala noong una si Noel bagama't napaghandaan niya ang mga eksenang ito. Hindi rin tamang maniwala kaagad, dahil mapapansing ilang ulit nabago ang paniniwala ni Noel—mula sa kawalan ng drayber ng jeep, hanggang sa kawalan ng ulo ng drayber ng jeep, na kapwa maling akala lamang ng bata dahil nga may drayber ang jeep at may ulo ang drayber nito. Inakala niyang nakumpirma niya ang kawalan ng drayber matapos pasimpleng tumayo sa kinauupuan para hanapin kung nasaan ang drayber. Naroroon lang pala sa unahan, hawak ang manibela, maging ang kambiyo, maging ang anak na idinala sa biyahe na malalaman niyang hindi pala anak kundi ulo lamang na walang katawan. Ulo ng drayber. Hinahawi niya ang buhok, sinusuklay. Mula sa kinauupuan ni Noel, parang may alagaing bata ang drayber. Hayun pala, ulo.

Alagaing ulo. Mali ang mga inakala ni Noel na kanyang nakumpirma. Ang nasakyan niyang jeep ay may drayber na may ulo.

Himala, may ulo pala ang drayber na inakala niyang walang ulo. May ulo, pero hindi nga lang nakakabit sa katawan. Makulit ang isip ni Noel. Naalala niyang itinanong niya si Nanay kung may drayber na walang ulo, paano nito nakuha ang lisensiya? May lisensiya nga ba ito, gayong walang 1x1 photo na mailalagay sa identification card? Hindi nasagot ni Nanay kaya iniba niya na lang ang usapan (ganito ang nakatatanda, ayaw aminin sa nakababata na may limitasyon ang kaalaman nila). Ngayon, maibabahagi na ni Noel ang natuklasan niya. May drayber ang jeep, hindi lang makikita agad sa windshield, at may ulo ang drayber, hindi lang naikakabit at katabi lang ng may-ari. Mataas ang tsansang may lisensiya ang drayber. At mayroon nga, pero nakatalikod ang ID at hindi niya mailista ang pangalan sa nano-card. Bilin din ni Nanay: kundi makita ang lisensiya, huwag hilingin sa drayber o usisain ang pagkatao nito dahil unethical at nagpapahiwatig ng pagdududa sa kabutihan niya. Kung hindi mailista ang pangalan, plate number na lang. Patay, nakasakay si Noel nang hindi napapansin ang plate number! Bilin din ni Nanay: kundi magawa ang mga bilin, ipaubaya sa kalawakan.

Marami nang alalahanin ang bata, sa ilang segundo pa lang ng pagkakaupo niya sa jeep. Handa siya sa mga tinaguriang *himala* na ito pero hindi inasahang ngayon niya mamalasin ang biyayang makasaksi ng himala. Ang karaniwan kasi, para sa mga hindi nagkokomyut, pila ang pasahero kahit gabing-gabi na o umagang-umaga o gitnang-araw o kailanman. Ang karaniwan kasi, nagpupuno ang jeep bago lumarga para sulit ang pasada; sasabihan pang umayos nang upo kasi siyaman o sandaanan ang kaliwa't kanang bangko ng jeep. Ang karaniwan kasi, may ulo ang driver sa kanyang leeg sa kanyang balikat at hindi nila kadalasan bitbit ang ulo na para bang helmet na isinusuot kapag lalarga na ang motorsiklo o habal-habal. Ang karaniwan din, may litrato ang ID at nakaharap sa pasahero ang ID at may nakasulat na plate number sa loob mismo ng sasakyan. Lahat ng karaniwan, wala sa Manong na ito.

Dahil hindi naman bastos si Noel, hindi siya nagtanong at umasta siyang normal lang ang lahat. Kapag nakakita ka ng bulag o duling, hindi mo naman tititigan at tatanungin kaagad ang sanhi ng pagkabulag o ng pagkaduling; kapag nakaramdam na bingi o pipi ang kausap, hindi ka naman mag-sa-sign-language para usisain kung inborn ang pagkabingi o pagkapipi; kapag nakakilala ka ng bingot, pilay, kulang ang bahagi ng katawan, kapos ang kaisipan, lumpen o latak ng lipunan, aswang, engkanto, at iba pang kaduda-duda o kakatwang nilalang, itatanong mo ba kung bakit at paano sila nagkaganoon, gayong unang beses lang ninyo nagkita at wala pa sa phase ng pagkakakilanlan? Wala naman atang urbanidad o kapos sa modo, kung ang unang

isyu mo talaga sa kausap ay ang kakulangan o ang kapansanan o ang abnormalidad niya batay sa ideya mo ng normalidad. Isa pa, drayber siya at ang kailangan lang namang gawin ni Noel ay magbayad nang tama, bumaba sa tamang babaan at kung kailangan talagang makipag-usap dahil nabuburyong sa trapik si Manong, o di kaya'y may pinagdaraanan, ay ang sumagot sa mga tanong at sakyan ang discussion points na nais niyang pag-usapan.

Inabot ni Noel ang bayad. *Saan 'to, hijo?* Aba, hijo? Hindi bok, o brad, o tol, o beybi o bata. Hijo? Susyal. Alta sociedad. Sinabi ng pasaherong bata, *isang Kabihasnan, kasasakay lang* (out of courtesy, kahit obyus dahil Kabihasnan lang naman ang susunod na babaan at siya lang naman ang sumakay; hindi porke mahirap, wala nang galang at koda ng etikang sinusunod). Hindi ata marinig ni Manong. Kaya mula sa kinauupuan ng drayber sa harap, inunat niya ang mga braso patungo sa bata at inilagay niya ang mga palad niya sa pagitan ng mga kilikili at katawan nitong mala-sanggol at bumwelo at binuhat ang bata at pinaupo katabi niya sa harapan, tutal nga naman, walang ibang pasahero at wala siyang inaasahang iba pang sasakay na pasahero. Hindi nga lang malaman ni Noel kung paano ba ang wastong kaakibat na aksiyon ng pagsagot niya at sa susunod pang huntahan sa drayber na pugot ang ulo. Saan ba dapat ang eye-contact, at mayroon nga ba dapat eye-contact in the first place? Hindi niya maalala ang bilin ni Nanay at hindi ma-search sa nano-card kung ano ang etikal.

Katabi na ni Noel ang ulo ni Manong. Noong tumigil saglit dahil may ilang minutong tigil sa trapiko, noong hindi pa umaandar, nasa kandungan ito ni Manong, inaahitan, paunti-unti. Paano kaya siya naghihilamos at nagsesepilyo, ano? Noong umaandar na, itinabi niya at ipinirmi muli sa gitna ng upuan, katapat ng kambiyo. Napapagitnaan nila ang ulo ni Manong. Hindi maunawaan ni Noel kung paano nakikita ni Manong ang dinaraanan. 'Yung mata ('yung pisikal, hindi 'yung metapisikal) ng ulo ni Manong ay lumilinga-linga, mula sa periphery ng vision ni Noel. Nagmamasid. Tumitingin sa side mirror. Parang 'yung kaluluwa ng ulo ni Manong, nakakabit at nakapatong pa rin sa leeg niya at maiging nakapirmi sa mga balikat niya. 'Yung pisikal ng ulo niya na pumapagitna sa kanila, parang nakakakita rin. *Misteryo*, 'ika ni Noel.

*Matumal ang pasada, hijo*. Bumubukas ang bibig ni Manong tuwing nagsasalita pero 'yung pinagmumulan ng tinig ay 'yung kawalan na naroroon sa espasyong dapat ay kinalalagyan ng ulo niya. Parang naka-lipsync tuloy ang pisikal niyang ulo doon sa tunay na ulong hindi naman nakikita ni Noel pero nararamdaman niyang naroroon din ang presensiya. Parang espektakulo lang ang pugot na ulo. Anong trip ni Manong? Hindi mawari ni Noel kung multo o hologram o ano? *Multo sa panahon mo, hologram sa panahon ko*. At nababasa niya pa ang tekstong wala naman sa kanya?

Nababasa niya gayong ang optic nerve niya ay tila hindi konektado sa utak? Multo sa panahon nino? Ng tagapakinig o ng mambabasa? Nababasa niya ang mga sasabihin o sinasabi ni Noel sa isip, sa kabila ng diskoneksiyon ng isip niya sa mismong katawan? Hindi nga ba nakakabit? Baka naman naka-wifi o -wireless o -bluetooth o -infrared o -greyfang ang ulo niya sa katawan niya? O tsamba lang na sumakto ang tanong niya sa iniisip ni Noel? Pero isa pang konsiderasyon: amoy alak siya, so, baka lasing lang. Pero paano naman niya iniinom ang alak? Sa pisikal niya bang bibig o sa *totoo* niyang bibig? Ano naman kayang itsura niya habang iniinom ang alak? O serbesa? Sinasalpak niya ba sa guwang sa leeg niya? Maaari bang salpakan niya ng galon ng tubig ang leeg niya na mistulang water dispenser? Pipindutin na lang ang lalamunan tuwing iinom siya? At ano pa nga ba ang iniinom niya? At ipinapawis niya? Kapag pinawisan kaya ang noo niya, sa *tunay* na noo ba lumalabas o sa pisikal na noo? Sa thin air, naaabsorb ang tubig at lumalabas ang tubig? Gano'n? Kakatwa atang kapansanan. Kapag ngumunguya siya sa kongkreto niyang mga ngipin, saan rumerekta ang luray-luray na pagkain? Kung lulunok o susuka siya, sa esensiyal ba o sa pisikal niyang bibig bubulwak ang likido?

Nakarating agad sila sa Kabihasnan at sa kabila nitong mahabang mga pagmumuni-muni na ilang minutong pinagtiyagaang isulat at basahin, saglit lang talaga ang travel time. *Maaga pa*, sabi ni Manong habang tinatapat kay Noel ang relo para patunayan ang claim na tunay ngang maaga pa. *Mamaya pa ako magsisilbi sa chapel*. Chapel? Sakristan si Manong? Tumango siya kay Noel bilang senyas na sasamahan na niya ang batang bumili ng gatas at ihahatid na rin ang musmos pauwi. Hindi niya alam kung paano nagkasya sa tango ni Manong ang buong kahulugan ng tango o nonverbal na komunikasyong iyon—na sasamahan niya ang batang bumili ng gatas at ihahatid na rin siya pauwi—at kung paano nakatango ang ulo niya gayong hindi ito nakakabit sa leeg na magsisilbing pangkontrol sa upward-downward-rightward-leftward na pagkilos ng ulo, para magawa niya ang akto ng pagtango. Tulad ng tila may salikmatang ulo ang katawan niya—may mata ilong bibig at iba pa pero hindi lang talaga maaninag ng naked eye, tila may salikmata ring katawan ang kongkreto niyang ulo pero hindi ito umookupa ng espasyo dahil nakapatong sa upuan ang lantad na ulo at hindi naman lumulutang sa ere. Tumango rin si Noel (may leeg siya, bagama't hindi pa gaanong halata).

Bago tuluyang bumaba sa jeep, sumenyas si Manong: iniharap kay Noel ang palad para sabihing *saglit lang*. Nilampasan ni Manong ang convenience store at bumuwelta o U-turn para magpakarga ng *gasolina* sa tapat na gasolinahan. Iginarahe niya roon. Nangapa siya sa lupa. Binuksan ang opening sa lupa. Nakakita ng parang mala-outlet. Humila mula sa keep ng parang kurdon. Isinaksak ang USB plug ng jeep sa USB port

na nakita sa lupa. Kuryente ang gasolina ni Manong, napaka-middle-class. Iniwan nila ang sasakyan at tumawid sa tapat, kung saan naroon ang convenience store. Nahagip ng mata ni Noel, bago tuluyang makatawid, ang isang batang ipinapalagay niyang nakadaranas ng pribilehiyo ng pagiging bata sa pakahulugan ng *burgis* na lipunan.

Sa murang edad ng pangunahin nating tauhan, alam na niya ang salitang *burgis*. Ganoon talaga. Pagmasdan ang mga nag-aaral sa pribadong mga unibersidad sa panahon mo ngayon, ang kahapon ng panahong ito. Kailangang may sidecomment talaga ang all-knowing narrator habang tumatawid ang mga tauhan. Matapos makatawid, tumingin si Noel kay Manong, doon sa pisikal niyang mukhang bitbit niyang parang helmet. Makahulugan ang tingin, pero dahil may bagaheng kabutihang-asal na pamana ng ina, hindi nagtanong ang bata hangga't hindi nauunang magtanong ang nakatatanda. *Mayroon bang problema hijo?*, tanong ni Manong, na nag-aakalang baka iniisip ng bata na manyak siyang pedophile o kaya'y kidnapper, gayong wala siyang mapapala dahil wala namang sensation na madarama ang katawang kuryente o kaluluwa niya at wala namang pera ang bata at wala naman siyang pakinabang sa libog o sa salapi.

Alam ni Noel ang *burgis* pero hindi pa niya alam ang Neon Filipino na nakasulat sa T-shirt ng batang burgis na sumilip sa kanila mula sa bintana ng vintage Fordtuner. Sa pagkakasilip ng batang burgis, tila tinitignan sila bilang mga rare na hayop o legendary Pokemon na nasa safari (maaaring aktuwal na safari o browser na safari). Sa pagkakabilog ng mga mata ng batang burgis, tila itinuturing silang discovery na dapat ikuwento kay Mama, Papa, Granny, Gramps, at friends niya sa school ("guys" ang palayaw ng lahat ng friends). Sa pagkakatanong ni Noel kay Manong, tila may pagka-inggit na katambal ang kuryosidad dahil may nadarama siyang something fun sa mga salitang *Neon Filipino*. Kinlaro ng bata ang lalamunan at nagtanong, *Ano po 'yung Neon Filipino?* Ito ang kauna-unahang pakikipagtalakayan niya sa ulong nakahiwalay sa katawan. Mas natural para sa kanyang harapin at kausapin ang pisikal na ulo dahil ito ang naaabot ng kanyang eye-contact ngayong nakatayo na ang drayber na ni hindi niya pa naitatanong ang pangalan pinagmulan home address educational attainment employment history identidad paboritong kung ano-ano; pero ang hinggil sa Neon Filipino, itinanong niya.

*Doon nakasentro ang tourist spots sa bansa*, maikling sagot ni Manong habang nasa bukana ng convenience store. Naunahan na silang pumasok ng katulong ng batang burgis, na, katulad ng mga magulang nitong nasa vintage Fordtuner, ay tila hindi nakikita ang dalawang nilalang na may problema sa kanilang mga ulo—pugot ang sa drayber, malaki at abante (at itinuturing na sira) ang sa bata. *Alam mo naman kung ano ang "replica" ano?* Tumango ang batang sabik sa susunod na sasabihin ni Manong.

Ipinaliwanag niyang puro replica ng mga itinuturing na magagandang tanawin sa Pilipinas ang makikita sa Neon Filipino, palayaw ng Neo-Nayong Filipino – Lungsod Libangan, isang pasyalan at pasugalang malapit sa paliparan MAIA (Marcos-Aquino International Airport; iniba ang pangalan nitong nakaraang taon, matapos ang resolusyon sa kumperensiyang nagpugay sa ika-200 kaarawan ni Marcos). Bagama't gusto pang ibahagi ni Manong ang nalalaman niya, dahil nakapapasok siya roon, palagay niya mas mainam kung si Noel mismo ang pupunta roon. Ipinagbigay-alam ni Manong kay Noel na dapat malaman ng bata na mas ito ang nakikita ng ibang tao, dahil multo o hologram lang siya at kailangan ng espesyal na kakayanan o gadget upang makita siya. Kaya sira ang ulo ni Noel para sa mga taong nakakikita sa kanyang may kausap na wala. Iilan ang nakakikita kay Manong gamit ang naked eye. Tulad ng mga may talento at teknolohiya, multo o hologram ang pagtanggap nila sa pangitaing Manong, upang hindi sila ituring na baliw tulad ng turing kay Noel.

Tumingala si Manong at lumingon upang tignan ang lagay ng jeep niya sa kabila. Sinabi niya kay Noel, *Problema kung nakikita siya ng mga bata, at kung gayon baka hindi gaanong magandang ideyang pumuslit ka sa Neon Filipino*. Nakatalikod ang dalawa sa jeep, nakaharap sa convenience store, nang ngumuso ang bitbit na ulo ni Manong sa kanan, sa ikatlong quadrant kumbaga ng interseksiyon. Sinabi ni Manong kay Noel na sa ilalim ng Jollibee sa kabilang kanto, may Neon Filipino Soft. Nagboluntaryo ang drayber na dagdagan ang perang pambili dapat ng gatas, pero nagdalawang-isip sa sariling mungkahi dahil hindi ito ikatutuwa ng nanay ng bata. Pero ikatutuwa ito ng bata, aniya sa sarili. Pero hindi niya tiyak kung bakit pa niya ibinahagi sa bata ang ideyang subukan na lang ang Neon Filipino Soft kaysa bumili ng gatas—na agad naman niyang binawi.

Sinundan ng bata ang direksiyon kung saan nakanguso ang ulo, at tumingin pabalik sa ulo. Sabay na tumango nang nakangiti ang dalawa. Ang kahulugan ng tango ni Noel ay *tara, tangina, gatas, pakialam ko d'yan, dapat masubukan itong Neon Filipino Soft, kahit simulasyong bersiyon 'yan, puwede na 'yan*. Binawi ni Manong ang ngiti, umiling-iling at nagyaya papasok sa convenience store. Rekta ang dalawa sa seksiyon ng mga gatas. Naghanap ng mura si Noel, para may maitabi siya para sa Neon Filipino. Walang mura (liban sa tangina sa isip ni Noel). Iilang piso lang ang pagkakaiba ng mura sa mahal na gatas. Si Manong na ang kumuha ng gatas na isinalpak niya sa butas sa leeg niya kaya nagmukhang mayroon siyang ulong bote ng gatas. Gamit ang isa niyang malayang kamay (kanan), dahil bitbit nga ng kaliwa niyang kamay ang ulo, tinapik niya sa likod ang bata. Ang kahulugan ng tapik ay *pumila na tayo*. Para kay Noel, huling mga minuto na ito ng negosasyon. Mas gusto niya ang Neon Filipino Soft kaysa gatas. Pagkakataon na niyang maging cultured at

danasin ang tunay na kahulugan ng kabihasnan para sa kanya. Itinuro ni Manong ang botelya ng Yakult. Hindi na-gets ng bata ang joke. Kapapanganak lang nga kasi sa kanya. Ang mga kapapanganak lang, hindi talaga nakaka-gets kaagad. Madadaan naman ’yan sa pananaliksik.

*Ako na ang bahala*, pagtitiyak ni Manong. Ipinaliwanag ni Manong ang prinsipyo sa likod ng hindi pagtangkilik sa Neon Filipino Soft. Aniya, lehitimo ang Neon Filipino Soft. Pinakiusapan niya ang batang bigyan siya ng panahon, at ipadadala niya rito ang piratang software. Dagdag pa niya, bagong labas lang kasi ang program para sa mga gitnang uring nais maging makabayang turista, subalit hindi makabili ng ginintuang ticket sa Neon Filipino. Walang nagawa ang bata kung hindi ang sumimangot hanggang matapos ang pila at tuluyan na nilang mabili ang bote ng gatas at tuluyan nang maibayad ang perang ipambibili sana niya ng ilang oras sa Neon Filipino Soft; at walang naisip na gimik ang bata upang kumbinsihin si Manong hanggang makalabas sila. Kumuda nang mahabang litanya si Manong: Ang mapagpasya ng pagkamakabayan at pagka-Pilipino kasi, pera na rin. Para sa mayayaman, ganoon, kasi nga mayayaman sila. Para sa ating hindi itinuturing na mamamayan dahil hindi tayo consumer at hindi malaki ang ambag sa ekonomiyang neo-imperyal, hindi pera ang sukatan ng pagkamakabayan at pagka-Pilipino. Kundi pagkuwestiyon mismo sa mga sukatang ito.

*Mawalang galang na po*, buwelo ng bata para sa ikalawa niyang tanong. *Bakit po tila pinangangaralan ninyo ako? Pari ho ba kayo, o anak ng Diyos o kayo mismo panginoong Diyos?*

*Both o all of the above?*, sagot-tanong ni Manong na ikinagulat ng batang sumusubok maging sarkastiko. Tumawid sila. Tumapat sa jeep. Hinugot ni Manong ang USB plug sa USB port. Hindi siya nagbayad sa kuryenteng ikinarga sa jeep; hindi maunawaan ni Noel, sa kabila ng pauna niyang mga pag-aaral, kung ano si Manong at kung paano siya nakapagpapatakbo ng jeep. Hindi rin niya maunawaan kung anong cosplay ni Manong at dala-dala niya ang ulong hindi malinaw kung ano ang pakinabang. Hindi matiyak ng bata kung functional ba ito o props lang. Kumuda ng mahabang litanya si Manong na deserving ng isang hiwalay na, hindi lang talata, kundi seksiyon, para bigyang-espasyo ang rebelasyong kalakip ng kanyang talumpati:

***

Sa Wakas, ikaw ang isa sa mga pasaherong hindi ko malilimutan. *Wakas* ang palayaw ng kalye dahil nasa malayong bahagi na ito ng barangay at malapit na ito sa boundary ng kasunod na bayan. *Kalye Real* ang buo nitong pangalan. Metropolis-Kabihasnan

ang pasada ko sa mga araw na naisasakay ko ang mga kakatwang pasahero (sa iba't ibang taon) na sa palagay ko ay may ambag o kinalaman sa aking barangay: ikaw na isang sanggol na limang araw ang gulang, ang kapangalan mong isang negrong magiging ninuno ng mga angkan dito ayon sa matatanda, ang isa sa mga apo niya sa talampakan na magiging kontrobersiyal na tagatala—na lahi o bloodline din na iyong pinagmulan. Mula kayong lahat sa isang compound na naging tattoo shop, tahanan, at sari-sari store. Sa iisang espasyo namalagi, na umiral sa iba't ibang panahon. Lahat ng mga solong pasaherong ito, minsan ko nang naihatid-sundo sa Kabihasnan. Malas ang palagay ko sa inyo noong una dahil matapos ninyong sumakay, wala nang ibang sumasakay. Masaya akong mali ang palagay ko. Tulad ko, multo o hologram o kaluluwa kayo ng bayang ito—o konsensiya o tagahatol? Sa tinagal-tagal ng pagbiyahe ko sa mundo, hindi ko na rin malaman kung alin ba talaga ako: ang tukayo ng barangay na si Tata Dune, ang babaylang Pulahanes na si Papa Isio o ang kanluraning panginoon ng galak at alak. O heto, simpleng hologram ng kinabukasan o multo ng nakalipas, o lasenggong drayber na katukayo ng mga dakila. Maaaring lahat sila ang bumubuo sa akin: mananampalatayang Kristiyano, mandirigmang anti-kolonyal at manginginom. 'Yung mga natatanging pasahero, hindi malayong sarili ko lang din na kinakausap ko. Wala naman na kasing sumasakay sa akin, maliban sa inyo. Sinong sasakay sa pampasaherong sasakyang pugot ang driver. Anong gagawin ko sa nakokolektang pamasahe gayong nakakukupit ako ng kuryenteng kaluluwa o kuryente. Bakit ito napahihintulutang mangyari. Ako ba ang sanhi kung bakit walang kaluluwa ang mga kartel. Hindi ko alam. Ang alam ko lang, sa araw na ito, muli akong dinadaluyan ng dugo at ng buhay. Muli kong nabibigyang-kahulugan ang kairalan ko sa bayang nakapangalan sa akin pero hindi ko pag-aari. Paborito kong bahagi ng bayan itong Wakas.

***

Ako 'yung sanggol pero sa talang ito, pinatungkulan ko ang sarili sa ikatlong pagkatao o third-person. Kung tutuusin, tatlo ang pangunahing tauhan ng kuwentong ito: ang tagapagsalaysay na ako, ang tauhang ako at si Dayô. Ehersisyo ito ng pagkatha sa eskuwela; narinig kong bulong-bulungan na kundi henyo, siraulo raw ako—isa lamang sa dalawa. Kung mas mabuti ang siraulo kaysa walang ulo, hindi ako ang hurado sa usaping iyan. Naging mabuti sa akin si Dayô kahit malayo sa normal ang kairalan niyang mala-pisikal. Kung anong uring normal, para-, extra-, super-, intra-, ab-, infra-, hindi ko na rin pagkukunutan ng noo. Si Manong nga mismo, hindi niya alam kung anong pinaghalo-halong kasaysayan at

panitikan ang bumubuo sa kanya, kung excess o tae o tao ba siya ng barangay na ito, o excess o tae o tao niya ang barangay. Sintomas ba siya o sakit. Anomalya ba kaming dapat lutasin, o potensiyal na bahagi ng solusyon. Solusyon sa anong problema? May mapapala kaya sa kritika sa Neon Filipino?

***

Nang huminto ang jeep ni Manong sa tarangkahan ng compound nina Noel, nilipad ang tarheta ng identipikasyon at nabasa ng mala-sanggol ang buong pangalan ng drayber: Dionisio. Bago tuluyang umuwi, nagpasalamat si Noel. Inilipat ng bata mula sa litrato patungo sa aktuwal na balat ng mukha ng kausap ang pagtingin, *Salamat Manong—*. Pinutol ito ni Manong at dinugtungan, *—Dayô*, *Mang Dayô, ang inyong lingkod*. Nadarama ng sira-ulo at walang ulo na magkikita pa sila upang usisain ang Neon Filipino, danasin ito, pag-usapan at lunsaran ng diskursong babago sa mga kalakaran ng bayang nakakabit at nakabuhol sa mga usapin ng Bayan at ng mga karanasang nakapaloob sa mala-prolet na manlalakbay at sa mala-sanggol na pasahero—na kapwa may kargada ng nakaraan at hinaharap—na patuloy na dadalaw sa mga diwa ng mga residente bilang multo o hologram—na paparoo't paparito sa mga interseksiyong lampas sa interseksiyonal lalo kung hindi malinaw ang makatao at makauring destinasyon.

Bahagi ang piyesang ito ng *Babala ng Balang Araw at Iba Pang Abiso*, na naisailalim sa ika-56 UP National Writers Workshop ng UP Institute of Creative Writing (ICW) noong 2016 at nakatanggap ng pondo mula sa UP System Enhanced Creative Work and Research Grant (ECWRG Grant No. 2017-1-016). Kasalukuyan pa ring ipinoproseso ang manuskrito. Nagpapasalamat ang awtor sa ECWRG at sa ICW dahil bukod sa palihan nitong huli, unang natanggap at nailathala ang ilang piyesang maituturing na kabanata o nagsasariling kuwento ng naturang proyekto sa Likhaan (2015, 2016, 2017).